Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)
**PARAÑAQUE**

# FILIPINO 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rica Marie F. Tenorio
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Rica Marie F. Tenorio
**Manunulat/Tagalapat ng LAS:** Zoren B. Nazareno
**Tagasuri ng Nilalaman:** Dr. Edwin S. Doria/ Jojo T. Dela Reyna
**Tagasuri ng Wika:** Jojo T. Dela Reyna/ Byron M. Suriaga
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director- NCR
Evangeline P. Ladines, CESO V- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Dr. Bernardo N. Mascarina- CID Chief Parañaque City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino- NCR
Dr. Edwin S. Doria, EPS Filipino SDO Parañaque City
Dennis M. Mendoza, LR EPS- NCR
Dr. Rodel C. Apostol, LRDMS Parañaque City
Nancy Mabunga, Librarian – NCR
Katreena A. Baluyot, Librarian – SDO Parañaque City

**(Ito ay Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

# ANG KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG IBONG ADARNA/ ANG KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL NG IBONG ADARNA

## Inaasahan

Naisusulat nang sistematiko ang mga nasaliksik na impormasyon kaugnay ng kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna **F7PU - IVa - b -18**

Naibabahagi ang sariling ideya tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng Ibong Adarna **F7PSIVa - b -18**

## Unang Pagsubok

**A. Panuto:** Susubukin ko ang iyong kaalaman sa ating bagong aralin. Basahin ang mga tanong sa ibaba at sagutin. Handa ka na ba? Simulan na natin!

1. Sa iyong palagay, anong panahon unang lumaganap ang koridong Ibong Adarna? ______________________________
2. Ano-anong bansa kaya ang nakaimpluwensya sa nilalaman, paksa, at estilo ng koridong Ibong Adarna?
______________________________
3. Ano-anong natatanging kaugalian at pagpapahalagang Pilipino ang masasalamin sa akda?
______________________________
4. Bakit tinangkilik ng ating mga ninuno ang nasabing korido?
______________________________
5. Bakit ang Ibong Adarna ang higit na kilalang koridong nalimbag at naisulat sa Pilipinas?
______________________________

**B. Panuto:** Sa tingin mo, bakit mahalagang basahin at pag-aralan ang koridong Ibong Adarna? Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Punuan ang patlang ng angkop na impormasyon upang mabuo ang pahayag tungkol sa mga katangian ng korido.

1. Ang korido ay binubuo ng ____________ pantig sa isang taludtod at apat na taludtod sa isang saknong.
2. Ito ay may ____________ na himig o *allegro.*
3. Ito ay pumapaksa tungkol sa pananampalataya, alamat at ____________.
4. Ang mga tauhan ay may kapangyarihang ____________ o kakayahang magsagawa ng kababalaghan na hindi magagawa ng karaniwang tao.
5. Ang mga halimbawa nito ay ____________, Kabayong Tabla, Ang Dama Ines, at Prinsipe Florinio.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

### Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna

Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin matukoy kung sino talaga ang sumulat ng koridong *Ibong Adarna*. Ayon kay Pura Santillan-Castrence, ito ay sa dahilang ang kasaysayan ng akdang ito ay maaaring hinango lamang sa kuwentong-bayan mula sa mga bansa sa Europa tulad ng Romania, Denmark, Austria, Alemanya, at Finland. Ito rin ang dahilan kung bakit maraming kritiko ang nagsasabing ang *Ibong Adarna* ay hindi ganap na maituturing na bahagi ng Panitikang Pilipino sa dahilang hiram lamang sa ibang bansa ang kasaysayan nito. Kung uugatin ang kasaysayan, ang tulang romansa ay nakilala sa Europa noong Panahong *Medieval o Middle Ages*. Tinatayang noong 1610, mula sa bansang Mexico, ito ay nakarating sa Pilipinas na ginamit namang instrumento ng mga Espanyol upang mahimok ang mga katutubong yakapin ang relihiyong Katolisismo.

Bagama't itinuturing na halaw o nagmula sa ibang bansa ang akdang ito, sinasabi ng maraming kritikong umaangkop naman sa kalinangan at kultura ng mga Pilipino ang nilalaman nito. Masasalamin sa akda ang mga natatanging kaugalian at pagpapahalaga ng mga Pilipino, tulad ng pagkakaroon ng matibay na pananampalataya sa Poong Maykapal, mataas na pagpapahalaga sa kapakanan ng pamilya, mataas na pagtingin o paggalang ng mga anak sa magulang, paggalang sa mga nakatatanda, pagtulong sa nangangailangan, pagtanaw ng utang na loob, mataas na pagpapahalaga sa puri at dangal ng mga kababaihan, pagkakaroon ng tibay at lakas ng loob sa pagharap ng mga pagsubok ng buhay, at marami pang iba. Bukod sa mga gintong aral na makukuha sa akda, ito ay tinangkilik din ng ating mga ninuno sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol sapagkat ito ay nagdulot din noon ng kasiyahan o kaaliwan sa kanila.

Sa katunayan, ang akdang *Ibong Adarna* ay itinuturing na panitikang pantakas (*escapist)* sapagkat ang mga Pilipino na sakbibi ng hirap at sakit noon dahil sa kahirapang kanilang nararanasan bunga ng paniniil ng mga Espanyol ay pansamantalang nakatatakas sa kanilang tunay na kalagayan sa sandaling mabasa o mapanood ang akdang ito at mailagay ang kanilang sarili sa pakikipagsapalaran ni Don Juan na siyang pangunahing tauhan sa akda.

Sa maraming mga koridong nilimbag at naisulat sa Pilipinas, ang *Ibong Adarna* ang higit na kilala sapagkat bukod sa ang mga sipi nito ay ipinagbibili sa mga perya na karaniwang isinasagawa tuwing kapistahan ng mga bayan-bayan, ito rin ay itinatanghal sa mga entabladong tulad ng Komedya o Moro-Moro.

Dahil na rin sa pasalin-saling pagsipi, ang mga sulat-kamay at maging ang mga nakalimbag na kopya ng *Ibong Adarna* ay nagkaroon ng pagkakaiba-iba sa gamit at sa baybay ng mga salita. Noong 1949, sa pamamagitan ng matiyaga at masusing pag-aaral ni Marcelo P. Garcia ng iba't ibang sipi ng *Ibong Adarna* ay isinaayos niya ang pagkakasulat ng kabuoan ng akda partikular ang sukat at tugma ng bawat saknong. Sa kasulukuyan, ang kanyang isinaayos na sipi ang karaniwang ginagamit sa mga paaralan at palimbagan.

Taglay ng *Ibong Adarna* ang *motif cycle* na karaniwang matatagpuan sa mga kuwentong-bayan:

1. May sakit ang amang/inang hari/reyna, isang mahiwagang bagay lamang ang lunas
2. Maglalakbay ang tatlong anak na prinsesa/prinsipe upang hanapin ang lunas
3. Magtatagumpay ang bunso dahil sa kanyang likas na kabutihan at pagkamatulungin
4. Aagawin ng mga nakatatandang kapatid ang nahanap niyang lunas at karangalan, pahihirapan siya, ngunit magtatagumpay rin sa huli
5. Makauuwi siya at gagaling ang may sakit na magulang

## Gawain 1

**A. Panuto**: **Hanap-Salita**. Hanapin at bilugan ang limang (5) salitang may kaugnayan sa ating aralin ngayong linggo.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | D | N | A | Y | A | S | Y | A | S | A | K |
| N | F | S | W | T | R | P | O | B | L | J | A |
| A | T | G | C | A | V | D | N | M | K | E | H |
| K | R | E | A | F | I | Q | C | A | B | V | A |
| I | S | G | H | R | N | K | Z | O | L | C | L |
| T | I | B | O | N | G | A | D | A | R | N | A |
| I | H | K | V | B | S | R | Q | B | K | J | G |
| N | A | O | U | E | I | N | M | O | L | I | A |
| A | A | K | Y | T | O | P | B | I | W | D | H |
| P | H | I | J | L | K | M | O | N | P | R | A |
| S | D | F | H | W | E | R | F | T | D | C | N |

## Gawain 2

**B. Panuto: TAMA O MALI**. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang tinutukoy sa pangungusap at **MALI** naman kung hindi.

______1. Taglay ng *Ibong Adarna* ang *motif cycle* na karaniwang matatagpuan sa mga kuwentong-bayan.

______2. Masasalamin sa akda ang mga natatanging kaugalian at pagpapahalaga ng mga Pilipino tulad ng pagkakaroon ng matibay na pananampalataya sa Poong Maykapal.

______3. Walang katulad ang *Ibong Adarna* sa ibang bansa dahil nag-iisa lamang ito.

______4. Ang koridong *Ibong Adarna* ay itinatanghal din sa mga entabladong tulad ng Komedya o Moro-Moro.

______5. Ang koridong Ibong Adarna ay unang lumaganap sa bansa noong Panahon ng mga Amerikano.

## Gawain 3

**C.** Panuto: Basahin at sagutin ang nakasaad na sitwasyon sa ibaba.

**Sitwasyon:** *Nabasa at nalaman mo na ang nilalaman ng kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna. Sa pagbasa nito ay naranasan mong maaliw, maantig, at mamangha. Paano mo kukumbinsihin ang iyong kaibigan o kaya nama'y nakababatang kapatid na magkaroon ng interes na pag-aralan ang Ibong Adarna?* ____________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## Tandaan

*Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, narito ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan.*

Ang **Pananaliksik** ay sistematikong paghahanap ng mahahalagang impormasyon hinggil sa isang tiyak na paksa o suliranin.

Ang ***motif cycle*** ay isang bagay o ideyang paulit-ulit na nakikita at lumilitaw sa isang anyong pampanitikan. Ginagamit ito ng mga manunulat upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang mensaheng nais nilang ipaabot.

Ang **koridong Ibong Adarna** ay isang obra maestrang Pilipino. Isa ito sa mga yaman ng ating panitikan kaya nama'y **Panitikang Pilipino'y** ating tangkilikin, pahalagahan, at pagyamanin. Ito'y sumasalamin sa mayamang kultura ng lahi natin.

## Pag-alam sa Natutuhan

## Gawain 1

A. Panuto: Dugtungan ang pahayag sa ibaba:

- Pagkatapos ng aralin, nalaman ko na
  ____________________________________________________________
- Ang aking nais pang malaman tungkol sa Ibong Adarna ay
  ____________________________________________________________

### Gawain 2

B. Panuto: Bumuo ng akrostik mula sa salitang **ADARNA**. Ilahad ang iyong mga natutuhan o mga kaisipang tumatak sa iyong isipan mula sa aralin.

A – ________________________________________

D – ________________________________________

A – ________________________________________

R – ________________________________________


N – ________________________________________

A – ________________________________________

### Pangwakas na Pagsusulit

Binabati kita sa matiyaga mong pagsama sa pagtalakay sa aralin!

A. Matapos mong mabasa ang kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna, sa tingin mo, ano-ano ang mga kahalagahan ng pag-aaral ng Ibong Adarna? Itala ang mga ito sa loob ng grapikong pantulong.



B. Sa iyong pagbasa sa kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna ay nadagdagan ang kaalaman mo sa nasabing korido. Isulat nang sistematiko o maayos ang mga nasaliksik na impormasyon mula sa iyong binasa. Gamiting gabay ang mga tanong sa ibaba at ang rubrik sa pagsulat ng sistematiko.

- Sa anong panahon unang lumaganap ang koridong Ibong Adarna?
- Ano-anong bansa ang nakaimpluwensya sa nilalaman, paksa, at estilo ng koridong Ibong Adarna?
- Ano-anong natatanging kaugalian at pagpapahalagang Pilipino ang masasalamin sa akda?
- Bakit tinangkilik ng ating mga ninuno ang nasabing korido?
- Bakit ang Ibong Adarna ang higit na kilalang koridong nalimbag at naisulat sa Pilipinas?
- Ano-ano pang mahahalagang impormasyon ang nalaman mo tungkol sa Ibong Adarna?

Isaalang-alang ang mga sumusunod sa pagsulat ng nasaliksik na impormasyon:

1. Gumawa ng panimula na nakatatawag-pansin sa mambabasa.
2. Talakayin sa katawan ng sanaysay ang mga nakuhang impormasyon sa ginawang pananaliksik.
3. Magbigay ng pangwakas na pananalita o kongklusyon sa isinagawang pananaliksik.

**Rubrik sa Pagsulat ng Sistematikong Pananaliksik**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Nakaayos nang mabuti ang mga impormasyon | | | | | |
| Nakatatawag ng pansin ang panimula | | | | | |
| Nakapagbigay ng pangwakas na pananalita o kongklusyon sa isinagawang pananaliksik | | | | | |
| Nagpakita ng kaayusan at kalinisan sa pagsulat | | | | | |
| Nagagamit nang wasto ang gramatika at bantas | | | | | |
| 5 – Pinakamahusay – kumpleto ang impormasyon ang naibahagi at maayos ang pagkasulat ng nilalaman<br>4 – Mahusay – maayos ang pagkasulat ng nilalaman ngunit kulang ang impormasyon<br>3 – Katanggap-tanggap – kumpleto ang impormasyon ngunit di-gaanong maayos ang pagkasulat ng nilalaman<br>2 – Mapaghuhusay – hindi kumpleto ang impormasyon at hindi gaanong maayos ang pagkasulat ng nilalaman<br>1 – Kailangan ng ibayong pagsasanay – hindi sapat ang isinagawang gawain | | | | | |

## Sanggunian:

Baisa-Julian, A. et.al (2017). Pinagyamang Pluma (Ikalawang Edisyon). Phoenix Publishing House.

Festin, R., Correa, R. (2018). Baybayin (Paglalayag sa Wika at Panitikan). Rex Book Store.

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

A at B. Iba-iba ang maaaring maging sagot ng mga mag-aaral.

**Balik-Tanaw**

1. 8
2. mabilis
3. kababalaghan
4. supernatural
5. Ang Ibong Adarna
6. **Gawain 1**

A. **Hanap-Salita**

KASAYSAYAN, PANITIKAN, KORIDO, KAHALAGAHAN, IBONG ADARNA

**Gawain 2**

B. **TAMA O MALI**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

**Gawain 3**

C. Iba-iba ang maaaring maging sagot ng mga mag-aaral.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**Gawain 1**

A. Iba-iba ang maaaring maging sagot ng mga mag-aaral.

**Gawain 2**

B. Halimbawang sagot:

A – ng koridong Ibong Adarna ay
D – apat na basahin,
A – ralin dahil ito’y
R – egalo at pamana ng ating mga
N – inuno sa
A – ting Panitikan.